

Distrito ng Mga Serbisyo sa Komunidad ng Nipomo Patakaran sa Pagputol ng Serbisyo sa Tubig sa Tahanan

Bago ang pagputol ng serbisyo sa tubig ng sinumang residenteng customer dahil sa hindi pagbabayad ng mga nakatakdang halaga, singil, kabayaran, o multa sa tubig, susunod ang Distrito ng Mga Serbisyo sa Komunidad ng Nipomo (Nipomo Community Services District, "Distrito") sa mga pamamaraan at atas ng Patakaran na ito. Nalalapat lamang ang Patakaran na ito sa pagputol ng mga account ng residenteng customer batay sa hindi pagbabayad at hindi nito pinipigilan ang Distrito mula sa pagputol ng serbisyo para sa ibang mga hindi awtorisadong pagkilos ng customer.

1. Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan. Maaaring tumawag ang residenteng customer sa sumusunod na numero ng telepono sa mga karaniwang oras ng negosyo para talakayin ang mga opsyon upang maiwasan ang pagputol ng serbisyo: (805) 929-1133.
2. Delingkuwensiya sa Account. Ayon sa nakasaad sa Kodigo ng Distrito, ang bill sa tubig/alkantariya (sewer) ay nakatakda at dapat na bayaran sa oras ng pagpresenta sa customer. Ang mga balanse sa mga account na hindi kumpletong nakolekta sa pagsapit ng 4:30 p.m. sa takdang petsang nakasaad sa bill ay delingkuwente o napabayaan at napapailalim sa nalalapat na multa, ayon sa nakasaad sa Kodigo ng Distrito. Ang takdang petsa na nakasaad sa bill ay hindi magiging mas maaga sa 19 na araw mula sa petsa kung kailan ipinadala ang bill.
3. Panahon ng Delingkuwensiya na Nagdudulot ng Pagputol. Ang serbisyo sa tubig sa tahanan ay maaaring putulin nang dahil sa hindi pagbabayad kung naging delingkuwente ang isang kinakailangang pagbayad ng customer sa hindi bababa sa animnapung (60) araw.
Hindi puputulin ang serbisyo sa tubig sa alinmang araw ng Sabado, Linggo, legal na pista-opisyal (holiday), o sa alinmang oras na hindi bukas sa publiko ang mga tanggapan ng negosyo ng Distrito.
4. Pamamaraan sa Pagputol ng Serbisyo dahil sa Hindi Pagbabayad.
 - a. Sa hindi bababa sa pitong (7) araw ng negosyo bago putulin ang serbisyo sa customer dahil sa hindi pagbabayad, makikipag-ugnayan ang Distrito sa customer sa pamamagitan ng sulat upang bigyan ng babala ang customer tungkol sa nalalapat na pagputol ng serbisyo, gawing handa at ipaliwanag ang mga tuntunin ng Patakaran na ito, talakayin ang mga opsyon para maiwasan ang pagputol ng serbisyo, at magbigay ng ibang impormasyong iniaatas ng batas.
 - b. Ang nakasulat na abisong inilalarawan sa Seksiyon 4(a) sa itaas ay maglalaman ng mga sumusunod: (1) ang pangalan at address ng customer; (2) ang delingkuwenteng halaga; (3) ang petsa kung kailan kinakailangan ang kabayaran o kasunduan sa pagbabayad upang maiwasan ang pagputol ng serbisyo; (4) isang paglalarawan ng proseso para mag-apply para sa palugit para bayaran ang mga delingkuwenteng halaga, singil, kabayaran; (5) isang paglalarawan ng pamamaraan para sa petisyon para sa pagsusuri at pag-apela ng bill; at (6) isang paglalarawan ng pamamaraan na magagamit para humiling ang customer ng ipinagpaliban, binawasan, o alternatibong iskedyul ng pagbabayad, kasama ang amortisasyon ng mga delingkuwenteng singil sa serbisyo sa tahanan na nakaayon sa Patakaran na ito.
 - c. Kung ang nakasulat na abisong inilalarawan sa Seksiyon 4(a) ay naibalik nang dahil sa hindi ito maipadala, magpapaskil ang Distrito ng abiso ng pagputol ng serbisyo sa isang madaling nakikitang lokasyon sa propyedad nang hindi bababa sa 48 oras bago ang pagputol.

5. Pagsusuri at Pag-apela ng Bill. Maaaring iapela ng sinumang customer na nakatanggap ng abiso ng nalalapit na pagputol ang mga delingkuwenteng halaga, singil, kabayaran, o multa na nagdulot ng abiso ng pagputol, maliban na lamang kung dati nang natanggap at nalutas ang apela sa parehong mga halaga, singil, o kabayaran. Dapat ihain ng customer ang apela sa loob ng limang (5) araw ng negosyo mula sa pagtanggap ng abiso ng delingkuwensiya sa pamamagitan ng pagpapadala ng nakasulat na abiso ng apela na nagpapaliwanag ng batayan para sa apela, kasama ang paliwanag ng alinmang pinaparatang na pagkakamali sa mga kasanayan sa pagsingil ng Distrito, petsa ng inaapelang bill, at halaga ng bill na inaapela. Susuriin, didinggin, at lulutasin ang apela alinsunod sa sumusunod na pamamaraan:
 - a. Susuriin ng Pangkalahatang Tagapamahala ng Distrito (“Tagapamahala ng Pagsusuri”) ang form ng apela at ang lahat ng materyales na isinumite bilang suporta sa apela at maglalabas ng desisyon tungkol sa apela sa loob ng sampung (10) araw ng negosyo mula sa petsa ng pagtanggap ng apela.
 - b. Maaaring sang-ayunan ng Tagapamahala ng Pagsusuri ang apela at ayusin o bawiin ang delingkuwenteng halaga, singil, o kabayaran sa ilalim ng mga sumusunod na sitwasyon:
 - i. Mali ang pagkalkula sa halaga, singil, kabayaran, o multa at sa gayon ay nagdulot ng pagkakamali;
 - ii. Kwalipikado ang customer para sa pagsasaayos alinsunod sa seksiyon 3.03.120 ng Kodigo ng Distrito; o
 - iii. Kwalipikado ang customer para sa pagsasaayos alinsunod sa seksiyon 3.03.160 ng Kodigo ng Distrito.
 - c. Ipapadala ng Tagapamahala ng Pagsusuri ang desisyon sa nag-aapela.
 - d. Maaaring iapela ng customer ang desisyon ng pagtanggap ng Tagapamahala ng Pagsusuri sa Lupon ng Mga Direktor ng Distrito (District Board of Directors) sa pamamagitan ng paghain ng apela sa loob ng sampung (10) araw ng negosyo mula sa petsa ng desisyon ng Tagapamahala ng Pagsusuri.
6. Mga Ipinagpaliban o Binawasang Kabayaran at Mga Alternatibong Iskedyul ng Pagbabayad. Maaaring pahintulutan ng distrito ang mga customer na ipagpaliban, bawasan, o pumasok sa isang amortisasyon o alternatibong iskedyul ng pagbabayad para sa mga delingkuwenteng halaga, singil, kabayaran, o multa, alinsunod sa mga tuntunin ng Seksiyon na ito.
 - a. Maaari lamang igawad ang mga pagbabawas sa mga delingkuwenteng halaga, singil, kabayaran, o multa alinsunod lamang sa seksiyon 3.03.120 o 3.03.160 ng Kodigo ng Distrito, o para sa mga dahilang nakasaad sa Seksiyon 5(b) ng Patakaran na ito.
 - b. Maaaring alisin ang mga singil at multa sa pagiging huli alinsunod sa Patakaran ng Distrito na Namamahala sa Paggamit ng Awtoridad ng Pangkalahatang Tagapamahala na Alisin ang Mga Singil na Sinuri sa Mga Account sa Utilidad ng Customer bilang Resulta ng Delingkuwenteng Bill sa Utilidad, na pinagtibay ng Resolusyon Blg. 2019-1505 ng Lupon ng Mga Direktor ng Distrito.
 - c. Ang mga delingkuwenteng halaga, singil, o kabayaran ay maaaring ipagpaliban o sumailalim sa amortisasyon gamit ang isang alternatibong iskedyul ng pagbabayad na sumusunod sa mga sumusunod:
 - i. Dapat gawin ang mga kahilingan para sa pagpapaliban, amortisasyon o alternatibong iskedyul ng pagbabayad sa pamamagitan ng sulat at dapat itong matanggap ng Distrito nang hindi bababa sa dalawang araw ng negosyo bago ang petsa ng pagputol na nakasaad sa abisong iniaatas ng Seksiyon 4 ng Patakaran na ito.

- ii. Ang anumang plano ng pagbabayad ay magreresulta sa muling pagbabayad ng delingkuwenteng halaga sa loob ng labindalawang (12) buwan.
 - iii. Kung lumabag ang customer sa napagkasunduang plano at hindi niya binayaran ang kaniyang kasalukuyang mga singil sa serbisyo sa tahanan sa animnapung (60) araw o higit pa, maaaring putulin ang serbisyo nang hindi hihigit sa limang (5) araw ng negosyo pagkatapos magpaskil ng Distrito ng huling abiso ng layong putulin ang serbisyo sa lokasyong madalas na dinadaan at madaling nakikita sa propyedad ng customer.
 - iv. Hindi pinapayagan ang higit sa isang amortisasyon, pagpapaliban, o alternatibong iskedyul ng pagbabayad kada labinwalong buwan, maliban na lamang kung natutugunan ng customer ang mga iniaatas sa Seksiyon 7(d) ng patakarang ito.
7. Mga Pagbabawal sa Pagputol. Hindi puputulin ang serbisyo sa tubig para sa hindi pagbabayad sa ilalim ng alinman sa mga sumusunod na sitwasyon:
- a. Habang nag-aapela ng desisyon ng Distrito na putulin ang serbisyo.
 - b. Habang nakabinbin ang isang imbestigasyon ng Distrito sa pagtutol o reklamo ng customer.
 - c. Sa alinmang panahon kung saan ang customer ay sumusunod sa awtorisadong alternatibong iskedyul o plano ng pagbabayad para sa ipinagpaliban o binawasang pagbabayad alinsunod sa Seksiyon 6 ng Patakarang ito.
 - d. Sa mga sitwasyon kung saan natutugunan ng customer ang lahat ng tatlong sumusunod na kondisyon, ayon sa nakadeklara sa form na ibinigay ng Distrito (ang “Pagbubukod Batay sa Pangangailangan”):
 - i. Nagsumite ang customer, o ang umuupa sa propyedad ng customer, ng sertipikasyon ng tagapagkaloob ng pangunahing pangangalaga na nagsasaad na ang pagputol ng serbisyo sa tubig ay magbabanta sa buhay o magdadala ng malubhang panganib sa kalusugan at kaligtasan ng residente ng lugar na pinagseserbisyuhan ng delingkuwenteng account;
 - ii. Ipinapakita ng customer na siya ay walang pinansiyal na kakayahang magbayad para sa serbisyo sa tubig sa tahanan sa karaniwang siklo ng pagsingil sa pamamagitan ng pagdeklara sa pamamagitan ng sulat na nalalapat ang isa sa mga sumusunod na sitwasyon: ang isang miyembro ng sambahayan ng customer ay kasalukuyang tagatanggap ng CalWORKs, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, Programa sa Karagdagang Panseguridad na Kita/Karagdagang Kabayaran ng Estado (Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program), o Espesyal na Programa sa Karagdagang Nutrisyon para sa Kababaihan, Mga Sanggol, at Mga Bata sa California (California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants, and Children), o idinedeklara ng customer na ang taunang kita ng kaniyang sambahayan ay mas mababa sa 200 porsiyento ng pederal na antas ng kahirapan. Kung ipinapakita ang isa o higit pa sa mga sitwasyong ito, ang customer ay itinuturing na “Customer na May Mababang Kita”; at
 - iii. Sumasang-ayon ang customer na pumasok sa isang kasunduan sa amortisasyon, alternatibong iskedyul ng pagbabayad, o plano para sa ipinagpaliban o binawasang kabayaran para sa lahat ng delingkuwenteng singil alinsunod sa Seksiyon 6 ng Patakarang ito.
8. Mga Espesyal na Konsiderasyon para sa Mga Customer na May Mababang Kita. Para sa Customer na May Mababang Kita na kwalipikado para sa Pagbubukod Batay sa

Pangangailangan, mag-aalok ang Distrito ng isa o higit pa sa mga sumusunod na opsiyon para sa muling pagbayad ng delingkuwenteng halaga, singil, o kabayaran: (1) isailalim sa amortisasyon ang hindi pa nababayaran balanse; (2) lumahok sa isang alternatibong iskedyul ng pagbabayad; o (3) pansamantalang ipagpaliban ang pagbabayad. Ang mga tuntunin ng opsiyon sa pagbabayad na ito ay magiging alinsunod sa Seksiyon 6 ng Patakaran na ito at inaasahang magreresulta sa muling pagbabayad sa loob ng labindawalang (12) buwan, maliban kung kailangan at inaprubahan ng Tagapamahala ng Pagsusuri ng Distrito ang karagdagang panahon para maiwasan ang labis na pasanin. Kung lumabag ang customer sa napagkasunduang plano o hindi niya binayaran ang kaniyang kasalukuyang mga singil sa serbisyo sa tahanan sa animnapung (60) araw o higit pa, maaaring putulin ang serbisyo nang hindi hihigit sa limang (5) araw ng negosyo pagkatapos magpaskil ng Distrito ng huling abiso ng layong putulin ang serbisyo sa lokasyon na madalas na dinadaan at madaling nakikita sa propyedad ng customer.

9. Mga Ugnayan ng Landlord at Nangungupahan. Nalalapat ang mga probisyon ng Seksiyon na ito sa kung saan ibinibigay ng Distrito ang serbisyo sa pamamagitan ng pangunahing metro (master meter), o kung saan ibinibigay ang serbisyo sa tahanan sa pamamagitan ng indibidwal na metro sa mga naninirahan sa tahanan ng nakahiwalay na tahanan para sa isang pamilya, estruktura ng tahanan na may maraming yunit, parke ng mobilehome (naililipat na tahanan), o permanenteng estruktura ng tahanan sa isang kampo ng paggawa (labor camp) ayon sa pinapakahulugan sa Seksiyon 17008 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ng California, at ang may-ari, tagapamahala, o operator ng tirahan, estruktura, o parke ay ang nakatalang customer. Dagdag sa pagbibigay ng abiso sa may-ari ng propyedad alinsunod sa Seksiyon 4 ng Patakaran na ito, ipapatupad ng Distrito ang mga sumusunod na hakbang:
- a. Hindi bababa sa sampung (10) araw na negosyo bago putulin ang serbisyo, gagawa ang Distrito ng pagsisikap na may mabuting layunin para ipaalam sa mga naninirahan sa tahanan sa pamamagitan ng sulat na ang account ng tinitirhang yunit ay delingkuwente at na puputulin ang serbisyo.
 - b. Ipapaalam ng nakasulat na abiso sa mga naninirahan na maaari silang maging nakatalang customer at tumanggap ng mga bill para sa serbisyo sa tubig ng yunit at na hindi magiging responsable ang mga naninirahan para sa mga delingkuwenteng halagang dapat bayaran ng kasalukuyang nakatalang customer. Ang nakasulat na abiso ay nasa wikang Ingles at sa mga wikang nakalista sa seksiyon 1632 ng Kodigo Sibil.
 - c. Hindi kinakailangang gawing handa ng Distrito ang serbisyo sa mga residenteng naninirahan maliban na lamang kung sumang-ayon ang bawat residenteng naninirahan sa mga tuntuntin at kondisyon ng serbisyo at natutugunan ang mga kinakailangan ng nalalapat na batas at tuntunin ng Distrito. Gayunpaman, kung ang isa o higit pa sa mga residenteng naninirahan ay sumasang-ayon at may kakayahang akuin ang responsibilidad para sa mga susunod na singil sa account na katanggap-tanggap para sa Pangkalahatang Tagapamahala ng Distrito, o kung mayroong pisikal na paraan na legal na magagamit ng Distrito para sa piling pagputol ng serbisyo sa mga residenteng naninirahan na hindi nakatugon sa mga kinakailangan ng tuntunin ng Distrito, gagawing handa ng Distrito ang serbisyo sa mga residenteng naninirahan na nakatugon sa mga kinakailangang iyon.
 - d. Sa kabila ng mga nabanggit, kung ang tinitirhang yunit ay isang nakahiwalay na tinitirhang yunit para sa isang pamilya, ang Distrito ay: (1) magbibigay ng abiso sa naninirahan tungkol sa pagputol ng serbisyo ng hindi bababa sa pitong (7) araw bago ang ipinanukalang pagputol; at (2) mag-aatas sa naninirahan na

beripikahin na ang customer ng delingkuwenteng account ay ang landlord, tagapamahala, o ahente ng tinitirhang yunit. Maaaring kasama sa beripikasyon ang kasunduan sa lease o upa, mga resibo ng upa, o ibang dokumento ng pamahalaan.

10. Pagbabalik ng Serbisyo. Magbibigay kaagad ang Distrito ng impormasyon tungkol sa mga pamamaraan sa pagbabalik ng serbisyo sa customer sa oras na pinutol ang kanilang serbisyo, kasama ang pagbabayad ng nalalapat na mga singil sa muling pagkonekta ng serbisyo (sa madaling salita, ang Kabayaran sa Hindi Pagbabayad na tinukoy sa Iskedyul ng Iba Pang Kabayaran ng Distrito). Para sa Mga Customer na May Mababang Kita, ang kabayaran para sa muling pagkonekta ng serbisyo ay hindi lalampas sa aktuwal na halaga ng muling pagkonekta ng serbisyo sa tubig ng Distrito, hanggang sa pinakamataas na halaga na \$50 para sa muling pagkonekta sa karaniwang negosyo. Maaaring baguhin ang kabayaran kada taon para sa mga pagbabago sa Listahan ng Presyo para sa Mamimili (Consumer Price Index) mula Enero 1, 2021, kung nakasaad sa Iskedyul ng Iba Pang Kabayaran ng Distrito na pinagtibay ng Resolusyon ng Lupon ng Mga Direktor.
11. Pag-uulat. Iuulat ng Distrito ang bilang ng mga taunang pagputol ng serbisyo sa tahanan para sa hindi pagbabayad sa website ng Distrito at sa Lupon sa Pagkontrol ng Mga Mapagkukunang Tubig sa Estado (State Water Resources Control Board).

Ang Patakaran sa Pagputol ng Serbisyo sa Tubig sa Tahanan ng Distrito ng Mga Serbisyo sa Komunidad ng Nipomo ay available sa wikang Ingles, Espanyol, Chinese, Tagalog, Vietnamese, at Korean, at makukuha sa pamamagitan ng mga sumusunod na paraan:

1. Pagkuha ng kopya sa Tanggapan ng Distrito na matatagpuan sa 148 South Wilson Street, Nipomo, CA 93444 sa mga karaniwang oras ng negosyo; o
2. Tingnan ito sa website ng Distrito: www.ncsd.ca.gov.